**GRADE V**
**MGA MATERYALES, KASANGKAPAN AT KAGAMITAN SA PAGGAWA**

## ALAMIN MO

***Ang anumang gawain ay magiging madali at magaan kung pinaghahandaan itong mabuti. Bago simulan ang anumang gawain, kailangang na maging maingat at wasto sa pagpili ng angkop na kasangkapan, kagamitan at materyales upang magtagal ang pakinabang ng mga proyektong gagawin.***



***Sa modyul na ito, matututuhan mo at makikilala ang kahalagahan ng pagtatala ng dami, ispesipikasyon at halaga ng mga materyales na malimit gamitin sa paggawa ng iba't ibang uri ng kagamitan at palamuting yari sa kamay***

## PAGBALIK-ARALAN MO

**A. Ayusin ang mga hakbang na dapat sundin sa pagpaplano ng proyekto sa pamamagitan ng paglalagay ng bilang 1-5 sa patlang.**

_____ a. Itala ang mga pangunahing kasangkapan na kakailanganin sa paggawa ng proyekto.
_____ b. Gumawa ng batayang larawan na magiging gabay sa pagbubuo ng proyekto.
_____ c. Isulat nang maayos sa papel.
_____ d. Balikan ang pagkakasunud-sunod ng mga hakbang na gagawin sa pagbuo ng proyekto.
_____ e. Gumawa ng talaan ng mga materyales at iba pang kagamitang kakailanganin sa paggawa ng proyekto.

**B. Isulat sa iyong kuwaderno ang tinutukoy sa bawat bilang.**

1. Ito ay ginagamit sa pagkuha ng tamang haba o laki ng mga materyales na kailangan sa pagbuo ng proyekto.
2. Ginagamit itong pamukpok ng pako sa kahoy.
3. Ito ang ginagamit upang higpitan o luwagan ang mga turnilyo.
4. Ginagamit ito sa paggawa ng mga butas o hugpungan at sa pag-ukit at pagkorte ng kahoy.
5. Ito ay ginagamit upang kuminis at pumantay ang ibabaw ng kahoy.

## PAG-ARALAN MO

**Sa paggawa mo ng isang proyekto, dapat isaalang-alang ang mga materyales na kakailanganin sa paggawa nito. Ang talaan ng materyales ay bahagi ng plano ng proyekto na nagsasaad ng mga materyales na gagamitin. Dito mo malalaman ang halagang gugugulin at matitiyak mo kung mayroong materyales na makukuha o mabibili sa pamayanan.**


**Kinakailangan ding mapili nang wasto ang angkop na materyales na gagamitin upang magamit nang matagal at lubos na kapakipakinabang ang proyektong gagawin.**

A. Narito ang isang halimbawa ng talaan.


| Yunit | Kuwantidad | Deskripsyon | Halaga ng Bawat Piraso | Kabuuang Halaga |
|---|---|---|---|---|
| 1 | Piraso | Tabla – 2" x 8" x 1" | | P40.00 |
| 2 | Piraso | Tabla – 2" x 6" x 8" | | 30.00 |
| 4 | Piraso | Screw - ¼ x 3" | | 20.00 |
| 1 | Piraso | Liha #2 | | 8.00 |
| **Kabuuang Halaga** | | | | **P98.00** |

B. Narito ang ilan sa mga materyales na maaari mong gamitin sa paggawa ng iba't ibang uri ng kagamitan at palamuting yari sa kamay.


1. Kahoy o tabla




2. Kawayan




3. Niyog



4. Anahaw



5. Kabibe



## SUBUKIN MO

**A. Matapos mong matutuhan ang kahalagahan ng pagtatala ng materyales at kagamitan, subukin mong gawin ang sinasabi ng panuto na nasa ibaba.**

1. Pumili ng isang proyektong nais gawin.
2. Isa-isahin ang mga materyales na gagamitin.
3. Maghanda ng talaan ng materyales sa napiling proyekto.

**B. Tukuyin kung anong materyales ang ginamit sa pagbuo ng proyektong gawang-kamay sa bawat bilang. Isulat ang titik ng wastong sagot sa iyong kuwaderno.**

| | | |
|---|---|---|
| K | - | Kahoy o Tabla |
| G | - | Kawayan |
| M | - | Abaka |
| I | - | Anahaw |
| T | - | Kabibe |
| N | - | Niyog |

1. Paggawa ng Laruan
2. Basket
3. Pamunasan ng Paa
4. Paggawa ng Hikaw at Kuwintas
5. Abaniko
6. Alkansiya
7. Plorera
8. Banig
9. Tsinelas
10. Bulaklak

## TANDAAN MO

- Kailangan ang talaan ng materyales upang maisa-isa ang uri, dami at halaga ng mga materyales na kakailanganin sa paggawa ng napiling proyekto.

- Ang pagpili ng wasto at angkop na materyales at kagamitan sa pagbuo ng isang proyektong gawang-kamay ay napakahalaga.



## ISAPUSO MO

1. Bakit kailangan mong maitala nang wasto ang mga materyales at kagamitan sa paggaw ng proyekto?

> Kailangang maitala nang wasto ang mga materyales at kagamitan sa paggawa ng proyekto upang matapos kaagad ang proyekto at walang masayang na materyales

2. Bakit kailangang maging matalino sa pagpili ng kasangkapan, kagamitan at materyales sa pagbuo ng isang proyektong gawaing-kamay?

> Mahalagang piliin ang angkop na materyales at kagamitan upang matagal na mapakinabangan ang proyektong gagawin




## GAWIN MO

**A. Umisip ka ng proyektong gustong gawin at punan mo ang talaan na nasa ibaba.**

| Yunit | Kuwantidad | Deskripsyon | Halaga ng Bawat Piraso | Kabuuang Halaga |
|---|---|---|---|---|
| | | | | |
| | | | | |
| | | | | |
| | | | | |

**B. Magtala ng limang (5) proyekto na ginagamitan ng mga likas na materyales na magiging kapaki-pakinabang sa bahay at sa paaralan.**





## PAGTATAYA


1. Kopyahin at sagutan ang mga tanong sa tsart.
   Gamitin ang sumusunod na pananda para sa iyong kasagutan.

   Oo - √
   Bahagya - —
   Hindi - X

| Mga Sukatan | Oo | Bahagya | Hindi |
|---|---|---|---|
| 1. Natukoy ko ba ang lahat ng materyales kong gagamitin? | | | |
| 2. Nakuwenta ko ba ang bilang at dami ng kinakailangang materyales? | | | |
| 3. Nakuwenta ko ba ang halaga ng bawat piraso at kabuuang halaga? | | | |
| 4. Natiyak ko ba ang dami at mga sukat ng bawat materyales? | | | |

2. Sipiin mo ang tsart na ito sa iyong kuwaderno at isulat ang napiling materyales, kasangkapan at kagamitan para sa sumusunod na proyekto.

| PROYEKTO | MATERYALES | KASANGKAPAN | KAGAMITAN |
|---|---|---|---|
| 1. Pandekorasyon | | | |
| 2. Pencil holder | | | |
| 3. Place mat | | | |
| 4. Plorera | | | |



**Kung nasagutan mo nang buong husay ang bahaging Pagtataya ng modyul, binabati kita! Maaari mo nang pag-aralan ang susunod na modyul.**

